4

# Music

## Ikatlong Markahan – Module 5: Ang Iba't Ibang Tunog



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q3_Music 4_ Module 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Music – Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan – Modyul 5: Ang Iba’t Ibang Tunog**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rhodora M. Ilano
**Editor:** Jerilyn M. Torio
**Tagasuri:** Cynthia T. Montaňez
**Tagaguhit:** Emma N. Malapo
**Tagalapat:** Rhodora M. Ilano, Jefferson R. Repizo
**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad
Francisco B. Bulalacao, Jr.
Grace U. Rabelas
Ma. Leilani R. Lorico
Gerson V. Toralde
Belen B. Pili
Randy A. Bona

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Music

## Ikatlong Markahan – Module 5: Ang Iba't Ibang Tunog

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Magandang Araw sa iyo!

Ang tinig ng tao ang pinaka-angkop o pinakamagandang halimbawa ng instrumento. Magkakaiba ang timbre o katangian ng tunog ng tinig ng tao. Walang boses ang magkakatulad sapagkat iba-iba ang likas na kapal o nipis ng *vocal cords* ng bawat isa.

May apat na klasipikasyon ang tinig o boses ng tao. Ito ang **Soprano** at **Alto** para sa mga babae at **Tenor** at **Bass** naman para sa mga lalake.

**Soprano** - [sopraːno] isang uri ng klasikal na uri ng pag-awit ng babae at may pinakamataas na *vocal range* sa lahat ng uri ng boses. Sila ay may matataas at maninipis, malalambing at umaagos na istilo ng boses.

Isa sa mga sikat na sopranong mang-aawit ay si Cecilia Bartoli. Panoorin at pakinggan sa youtube link na ito.

https://www.youtube.com/results?search_query=cecilia+bartoli.

Ilan din sa mga sikat na mang-aawit sa ating bansa na may ganitong uri ng pag-awit ay sina **Regine Velasquez**, **Lea Salonga**, **Morisette Amon**, **Sarah Geronimo**, at **Angeline Quinto** .

**Alto** – tumutukoy sa mababang tono ng tinig ng isang babae. Ang kalidad nito ay makakapal at malalalim.

Panoorin at pakinggan natin si **Eula Beal** na isang magaling na alto. Narito ang YouTube link ng kanyang pagtatanghal:

https://www.youtube.com/watch?v=8-KcRmidxTo.

Kabilang rin sa mga mang-aawit na alto sa Pilipinas ay ang ating Superstar na si **Nora Aunor** at si **Jaya**.

**Tenor** - Ang tenor naman ay ang mataas na boses para sa mga lalake.

Si **Andrea Bocelli** ay isang magaling na tenor. Panoorin at pakinggan ang link na ito:

https://www.youtube.com/watch?v= TdWEhMOrRpQ.

Hindi rin magpapahuli ang mga sikat na mang-aawit ng ating bansa na sina **Jed Madela**, **Gary Valenciano**, at **Martin Nievera** na may ganitong uri ng tinig.

**Bass** - Ang bass ay isang uri ng klasikal na boses para sa lalaki at may pinakamababa at pinakamakapal tunog sa lahat ng uri ng boses.

Panoorin at pakinggan natin sa link na ito:

https://www.youtube.com/watch?v=KN8wxSgaCfw si Jose Mardones na binansagan bilang isa sa "**Great Voices of the Century".**

Ganoon din, ang tunog ng instrumento ay may iba't ibang katangian. Maaaring ito'y pailong, malambing, makapal, matinis, magaralgal, maindayog, at bahaw na maririnig sa iba't ibang tugtugin at pag-awit.

Layunin ng modyul na ito ang sumusunod:

1. Nakikilala ang kaibahan ng timbre o katangian ng tunog sa musikang pangtinig at musikang pang-instrumental sa pamamagitan ng mga awit o tugtugin para sa isahan- ***solo****,* dalawahan- ***duet****,* tatluhan -***trio****,* at pangkatan- ***ensemble.***

2. Naipakikita ang pagkaunawa sa timbre o katangian ng tunog sa musika (nipis at kapal) na nailalapat sa musikang pangtinig at pang-instrumental.

## ***Subukin***

**Panuto:** Suriing mabuti ang mga larawan na nasa ibaba. Ibigay ang pagkakakilanlan ng mang-aawit at instrumentong iyong nakita. Isulat ito sa inyong sagutang-papel.

A. Mga Mang-aawit:

1. 

2. 


3. 


4. 


5. 

B. Mga Intrumento:

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

**Panuto:** Anong uri ng mga instrumento ang nakita mo sa bawat larawan? Isulat ang sagot sa iyong sagutang-papel.

C. Ano ang pagkakaiba ng musikang pangtinig sa musikang pang-instrumental? Isulat ang sagot sa iyong sagutang-papel.

| Aralin 1 | Ang Iba't Ibang Tunog |
|---|---|

## *Balikan*

**A. Panuto:** Ibigay ang tamang pagkakapangkat-pangkat ng lawaran Gamit ang mga salita na nakapaloob sa kahon. Isulat ang sagot sa iyong sagutang-papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| ***solo*** | ***duet*** | ***trio*** | ***ensemble*** |



1. _______________



2. _______________



3. _______________



4. _______________

## *Tuklasin*

**Gawain 1:** Pag-aralan ang awiting "Little Band". Pakinggan at panoorin ang link:

https://www.youtube.com/watch?v=bmstVF5FMI8

https://www.youtube.com/watch?v=zn7LHFVF1X4




***Source:*** *Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p. 78*

Sagutin ang mga tanong. Isulat ito sa iyong sagutang-papel.

1. Nagkaroon ba ng pagkakahati ng boses (lalake o babae) sa awitin? Patunayan.
2. Kung si Regine Velasquez ang aawit sa pambabae na parte, anong uri ng tinig ang iyong maririnig?
3. Kung si Gary Valenciano naman ang aawit sa panglalakeng parte, anong uri ng tinig ang iyong maririnig?
4. Kung isang pangkat ng koro (choir) naman ang aawit ng buong piyesa/musika, ano-ano namang mga tinig ang iyong maririnig?
5. Ano ang pagkakaiba ng *solo, duet, trio*, at pangkatan o *ensemble*?

**Gawain 2:** Tukuyin ang mga timbre o katangian ng tunog na nasa unang hanay. Lagyan ng tsek (✓) kung saan maririnig ang mga ito- sa tao, sa intrumento o parehas. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.

| **Iba't ibang tunog** | **Sa Tao** | **Sa Instrumento** | **Parehas** |
|---|---|---|---|
| 1. Tinig pailong | | | |
| 2. maugong | | | |
| 3. mababa | | | |
| 4. paos | | | |
| 5. basag | | | |
| 6. mataas | | | |
| 7. matinis | | | |
| 8. magaralgal | | | |
| 9. mataginting | | | |
| 10. malambing | | | |
| 11. mahina | | | |
| 12. buo | | | |
| 13. makalansing | | | |
| 14. malakas | | | |
| 15. sintunado | | | |

## *Suriin*

**A. Panuto:** Ano ang tamang timbre o katangian ng tunog ng mga larawan? Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1.  A. basag B. matinis C. makapal

2.  A. basag B. matinis C. makapal

3.  A. basag B. matinis C. makapal

Source: Google images

**B. Panuto:** Ibigay ang mga kulang na titik upang makabuo ng isang salita o tamang sagot. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.

1.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | M | | | |

- ito ay tumutukoy sa katangian ng tunog o tinig.

2.

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | T | |

- ang tawag sa mababang boses ng babae.

3.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | R | | | |

- ang tawag sa mataas boses ng babae.

4.

| | | | |
|---|---|---|---|
| B | | | |

- ang tawag sa mababang boses ng lalake.

5.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | E | | | |

- ang tawag sa mataas boses ng lalake.

## *Pagyamanin*

**Panuto:** Hanapin at pakinggan ang mga piling musika na nakasaad sa ibaba. Habang sinasabayan ang mga awitin, gawin ang sumusunod:



- Iwagayway ang kamay pataas kung ito ay musikang pang-tinig.



- Ipalakpak ang kamay nang tatlong beses na may



- Pagpadyak ng dalawang beses sa paa kung ito naman ay musikang pang instrumental.

Source: Google images

1. https://www.youtube.com/watch?v=lKmCq5_uxxI
2. https://www.youtube.com/watch?v=ILasNbdi7h0
3. https://www.youtube.com/watch?v=v0jMQhhMMMc
4. https://www.youtube.com/watch?v=RHAEbqPe4P4
5. https://www.youtube.com/watch?v=7elzbS7J6-Q

## *Isaisip*

**Panuto:** Sagutin ang sumusunod. Isulat ang sagot sa iyong sagutang-papel.

1. Ano ang timbre?
2. Ano ang apat na klasipikasyon ng boses ng tao?
3. Magbigay ng timbre o katangian ng tunog para sa musikang pang-tinig at musikang pang-instrumental.
4. Ibigay ang tawag sa uri ng pagtatanghal kung ang nagtatanghal ay iisa lamang, dalawa, tatlo, o higit pa sa tatlo.

## *Isagawa*

**Panuto:** Hanapin at pakinggan ang mga piling musika sa Y*ouTube* habang sinasabayan ang mga awitin, gawin ang sumusunod:

A- Sabayan ang awitin habang ikinakampay ang dalawang braso kung ito ay tinig musikang pangtinig o *vocal music.*

B- Sumayaw at pumalakpak ang kamay kung ito naman ay musikang pang-instrumental o *instrumental music.*

1. https://www.youtube.com/watch?v=k_UTN0YxRt8
2. https://www.youtube.com/watch?v=k_UTN0YxRt8
3. https://www.youtube.com/watch?v=Dho5YmdQbNo
4. https://www.youtube.com/watch?v=XCPFHt6SfCI

Magkaroon ng isang video compilation ng Gawain 1 at 2, at ipadala ang mga video sa guro sa pamamagitan ng messenger o email.

## *Tayahin*

**A. Panuto:** Pakinggan ang mga piling musika (excerpt lamang) sa *YouTube.* Isulat ang malaking letrang **V**, kung ang musika ay tumutukoy sa musikang pangtinig o *vocal music* at malaking letrang **I** naman kung ito ay musikang pang-instrumental na iyong napakinggan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang-papel.

________ 1. https://www.youtube.com/watch?v=UBCfGfILJfo

________ 2. https://www.youtube.com/watch?v=psSvRneUn20

________ 3. https://www.youtube.com/watch?v=qssjin1sRqQ

________ 4. https://www.youtube.com/watch?v=f1prmvWJGZM

________ 5. https://www.youtube.com/watch?v=RBxUe28KUE

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Magbigay ng tig-dalawang halimbawa ng mga awitin o tugtuging pang-tinig o pang-instrumental para sa ***solo***, ***duet***, ***trio*** **o** ***ensemble***. *Maaaring sumangguni sa inyong aklat at internet.*

Magkaroon ng isang compilation ng gawain at ipadala ang mga larawan o videos sa guro sa pamamagitan ng messenger o email.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin:**

**A-**1. Lea Salonga 2. Darangen- Maranao Epic Chant 3. Baao Childrens and Youth Choir
4. Philippine Madrigal singers 5. Martin Nievera at Regine Velasquez

**B-**1. Pangkat kawayan, drum, rondalla, flute at lyre

**C-** Pangtinig ay galing sa boses ng tao-
pang instrumental- galing sa ibat ibang instrumentong pangmusikal

**Balikan:** 1. Duet 2. Ensemble/pangkatan 3. Trio 4. Solo

**Tuklasin:**

**Gawain 1:**

1. oo
2. mataas at matinis ang boses ng babae
3. mababa at makapal ang boses ng mga lalaki
4. mas magandang pakinggadahil kumpleto ang ibat ibang boses
5. (Ang solo ay pag-awit ng isang melodiya na nag-iisa o pagtugtog ng iisang instrumento. Ang duet ay dalawahan, ang trio ay tatluhan at ang ensemble ay pangkatan o pangmaramihang pag-awit o pagtugtog.)

**Gawain 2.**

| Ibat-ibang tunog | Sa Tao | Sa Instrumento | Parehas |
|---|---|---|---|
| 1. Tinig pailong | ✓ | ✓ | |
| 2. maugong | | ✓ | |
| 3. mababa | ✓ | ✓ | ✓ |
| 4. paos | ✓ | | |
| 5. basag | ✓ | ✓ | ✓ |
| 6. mataas | ✓ | ✓ | ✓ |
| 7. matinis | ✓ | ✓ | ✓ |
| 8. magaralgal | ✓ | ✓ | ✓ |
| 9. mataginting | ✓ | ✓ | ✓ |
| 10. malambing | ✓ | ✓ | ✓ |
| 11. mahina | ✓ | ✓ | ✓ |
| 12. buo | ✓ | ✓ | ✓ |
| 13. makalansing | | ✓ | |
| 14. malakas | ✓ | ✓ | ✓ |
| 15. sintunado | ✓ | ✓ | ✓ |

**Suriin:** **A:** 1. A 2. C 3. B
**B:** 1. Timbre 2. Alto 3. Soprano 4. Bass 5. Tenor

**Pagyamanin:**

1. Palakpak-padyak
2. Taas kamay
3. Taas kamay
4. Palakpak-padyak
5. Taas kamay

**Timbre-** itoy tumutukoy sa uri ng tunog o tinig

**Soprano -** mataas na boses ng babae **Alto-** mababang boses ng babae

**Tenor-** mataas na boses ng lalaki **Bass-** mababang boses ng lalaki

**Isagawa:** 1. Palakpak 2. Palakpak 3. Ikampay 4. Ikampay

**Tayahin:** 1. V 2. V.3.V 4. V. 5. I

**Karagdagang Gawain:** Magbigay ng tig- dalawang halimbawa ng mga awitin o tugtuging pang-tinig o pang-instrumental para sa ***solo, duet, trio* o *ensemble***. *Maaaring sumangguni sa inyong aklat at internet.*

## *Sanggunian*


Copiaco, Jacinto Jr., *Halinang Umawit at Gumuhit*, Vibal Group Inc., 2016

Kagawaran ng Edukasyon, *Kagamitan ng Mag-aaral*, Book Media Press Inc. 2015

Kagawaran ng Edukasyon, *Patnubay ng Guro*, Book Media Press Inc., 2015

Valdecantos, Emelita C. *Umawit at Gumuhit*, St. Mary's Publishing Corp.,1999

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph